# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 34

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Tayo ay magpatuloy upang pagaralan ang Banal na Kasulatan upang tuklasin ng mas malinaw sa kung anong ibig sabihin ni Jesus sa mga tagapagpaya at kung paanong nais Niya sa atin na isapamuhay ang ating buhay para sa Kanya.

"Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at ang pagpapakabanal na kung wala ito'y sinoman ay di makakakita sa Panginoon:" (Hebreo 12:14) Sa Banal na Kasulatang ito ang Diyos ay inutusan tayo upang maging tagapagpaya at sundin ang kapayapaan sa lahat ng mga tao at magpakabanal, kung hindi nang hindi namumuhay ng isang banal na buhay hindi natin makikita ang Panginoon o makakasalubong ang Panginoon kapag Siya ay dumating.

Datapuwa't upang maintindihan kung anong uri ng kapayapaan na ang Diyos ay nais sa atin upang sundin sa lahat ng mga tao at upang ilapat sa ating buhay at ministerio sa ganon kailangan nating basahin ang buong talata, "11 Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito. 12 Kaya't itaas ninyo ang mga kamay na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig; 13 At magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling.14 Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at ang pagpapakabanal na kung wala ito'y sinoman ay di makakakita sa Panginoon: 15 Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Dios; baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami; 16 Baka magkaroon ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay. 17 Sapagka't nalalaman ninyo na bagama't pagkatapos ay ninanasa niyang magmana ng pagpapala, siya'y itinakuwil; sapagka't wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kaniyang ama, bagama't pinagsisikapan niyang mapilit na lumuluha." (Hebreo 12:11-17)

Sa Hebreo 12 ang Diyos ay nagsalita tungkol sa kahalagahan ng disiplina at ang halaga niyaon upang maibahagi ang katuwiran at kapayapaan sa mga nagsasanay nito.

"11 Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito." (Hebreo 12:11) Kaya't ang kapayapaan ay hindi darating malibang didisiplinahin ng Diyos tayo at harapin ang ating mga kasalanan, at sa kadahilanang ito kailangan nating pagtiyagaan ito at tiisin ang disiplina ng Diyos kapag ibinigay ito sa atin upang magpakumbaba tayo, ituwid tayo, at pigilan tayo mula sa ating maling gawain.

Ang disiplina ay kailangan maging masakit upang ang kapayapaan at katuwiran, at kaalaman na gagawin kung ano ang tama ay maibahagi. Kailangang mailapat yaon sa ating kalagitnaan. Kusang loob na kailangan nating disiplinahin ang ating sarili at maging handa upang magtiis sa pagdidisiplina sa iba; sa ating mga anak at ating mga alagad. "12 Kaya't itaas ninyo ang mga kamay na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig; 13 At magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling." (Hebreo 12:12-13) Kapag dinisiplina tayo ng Diyos kailangan natin tiisin ito, at tayo bilang simbahan ay dapat maintindihan na kapag nakagawa tayo ng mali ang Diyos hindi tayo iiwanan ng walang isang maayos na pagdisiplina, sa ganon kailangan nating ihanda ang ating mga kamay at paa at palakasin ang mga ito para sa panahon ng pagpaparusa na ilalagay ng Diyos sa ating buhay. Kailangan nating tiisin ito at huwag maghimagsik o gumanti laban sa Diyos. Madalas ang mga tao ay gumaganti kapag dinidisiplina sila ng Diyos o kapag inilagay sila ng Diyos sa sulok. Kaya't nang Kanyang sinabi "14 Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at ang pagpapakabanal na kung wala ito'y sinoman ay di makakakita sa Panginoon:" (Hebreo 12:14) Kaya kailangan nating maintindihan na ang Diyos ay banal at hindi niya hahayaan ang kasalanan ay magpatuloy sa Kanyang simbahan at sa ating buhay.

Ang kasalanan ay nagdadala ng pagkabalisa at mga kaguluhan. Ang bata na naiwan ng walang disiplina sila'y nababalisa at nasa sa kaguluhan. Ngunit pagkatapos ng sesyon ng pagpalo ang mga bata ay may kapayapaan at nasa kapayapaan. Ganon din nais ng Diyos na tayo ay makipagtulungan sa Kanya upang harapin ang kasalanan sa pagpapahintulot at pagsangayon tungkol sa disiplina ng Diyos na inilapat Niya sa atin o sa iba katulad ng ating mga anak, bagong disipolo, miyembro ng simbahan, mga manggagawa atbp.

Kapag ang Diyos ay nagdadala ng pagkastigo sa aking anak at sa aking mga disipolo at ako ay gumawa upang protektahan ang aking anak o ang aking mga disipolo mula sa pagkastigo ng Diyos sa gayon hindi ako isang tagapagpaya kundi tagagawa ng gulo.

Sa mga tumatanggi upang disiplinahin ang kanilang mga anak at paluin sila sa kanilang mga kasalanan sila ay tagagawa ng gulo sa simbahan. Dapat nating maintindihan na upang mapanatili ang kapayapaan at gumawa bilang mga tagapagpaya kailangan natin panatilihin ang kabanalan. Ang Kabanalan ay upang isabuhay at labanan ang kasalanan, at upang labanan ang kasalanan at paglaban sa kasalanan ay magdadala ng kapayapaan ng Diyos sa kalagitnaan natin. Pakikipaglaban sa kasanalan ay kailangan natin upang maging masigasig sa paggawa niyaon at tingnan ang mga hindi pa nakatanggap ng biyaya ng Diyos at sa mga hindi nakatanggap ng oportunidad upang makikila ang tungkol sa Diyos, tungkol kay JesuCristo ang ating Panginoon at tungkol sa Salita ng Diyos at kung anong idinidikta sa atin upang gawin. "15 Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Dios;" (Hebreo 12:15) Hindi lamang yaon, ngunit kailangan nating malaman ang mga nasa kasalanan, "baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami;" (Hebreo 12:15) Dito din kailangan nating malaman na ang mga nabubuhay sa kasalanan at ang kanilang buhay ay nasa kasalanan ay magdadala ng kaguluhan sa iba, lalo na ang kasalanan ng pakikiapid, ang kasalanan ng wala sa batas na pagaasawa, at sa mga nabubuhay upang pasiyahan ang kanilang laman, hindi pagpapalugod sa Diyos, at nabuhay sa estilo ng buhay na

tinanggihan ang kanilang mana sa Langit katulad ni Esau, na nawalan ng mga pagpapala ng Diyos nang ipinagbili niya ang kanyang pagkapanganay alang alang sa kakaunting pagkain: "16 Baka magkaroon ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay." (Hebreo 12:16) Si Esau ay tumanggi sa mga tagubilin ng kanyang mga magulang nang siya ay umalis at nag asawa mula sa Cananeo. Kailangan nating siyasatin at sundan ang ganitong uri ng mga tao at ang buhay na kanilang ginagalawan upang malaman kung sila'y nakaabot sa punto ng pagsisisi upang sila'y maibalik, kung hindi kung walang pagsisisi sa gayon kailangan nilang magpatuloy upang sumailalim sa disiplina ng Diyos at ang galit ng Diyos, kahit ilagay sa labas ng simbahan, hanggat sila'y magsisi at yaon ang magiging paraan na nais ng Diyos sa atin upang maghatid ng kapayapaan at maging mga tagapagpaya na nais ng Diyos upang maging.

Si Apostol Pablo ay nagsalita tungkol ng parehong bagay sa mga Corinto at ang halaga ng pagharap sa mga kasalanan sa mga hindi nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, "1 Ito ang ikatlo na ako'y paririyan sa inyo. Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita. 2 Sinabi ko na nang una, at muling aking ipinagpapauna, gaya nang ako'y nahaharap ng ikalawa, gayon din ngayon, na ako'y wala sa harapan, sa mga nagkasala nang una, at sa mga iba pa, na kung ako'y pumariyang muli ay hindi ko na patatawarin; 3 Yamang nagsisihanap kayo ng isang katunayan na si Cristo ay nagsasalita sa akin; na siya sa inyo'y hindi mahina, kundi sa inyo'y makapangyarihan: 4 Sapagka't siya'y ipinako sa krus dahil sa kahinaan, gayon ma'y nabubuhay siya dahil sa kapangyarihan ng Dios. Sapagka't kami naman ay sa kaniya'y mahihina, nguni't kami ay mabubuhay na kasama niya sa kapangyarihan ng Dios sa inyo. 5 Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Jesucristo ay nasa inyo? maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na. 6 Nguni't inaasahan ko na inyong mangakikilala na kami ay hindi itinakuwil. 7 Ngayo'y idinadalangin namin sa Dios na kayo'y huwag magsigawa ng masama; hindi upang kami'y mangakitang subok, kundi upang gawin ninyo ang may karangalan, kahit kami'y maging gaya ng itinakuwil. 8 Sapagka't kami'y walang anomang magagawang laban sa katotohanan, kundi ayon sa katotohanan. 9 Sapagka't kami'y natutuwa kung kami'y mahihina, at kayo'y malalakas: at ito naman ang idinadalangin namin, sa makatuwid baga'y ang inyong pagkasakdal. 10 Dahil dito'y sinusulat ko ang mga bagay na ito samantalang ako'y wala sa harapan, upang kung nasa harapan ay huwag akong gumamit ng kabagsikan, ayon sa kapamahalaang ibinibigay sa akin ng Panginoon sa ikatitibay, at hindi sa ikagigiba. 11 Sa katapustapusan, mga kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaaliw kayo; mangagkaisa kayo ng pagiisip; mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Dios ng pagibig at ng kapayapaan ay sasa inyo." (2 Corinto 13:1-11) Sinabi niya sa kanila na mamuhay sa kapayapaan. Tingnan natin kung ano ang pamumuhay sa kapayapaan o maging tagapagpaya kung anong kinakailangan mula sa atin.

"1 Ito ang ikatlo na ako'y paririyan sa inyo. Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita." (Hebreo 13:1) Si Pablo y umaalis at naglalakbay upang sundan ang kalagayan ng simbahan upang harapin ang mga seryosong usapin na hindi pa naaayos. Ito ay ang kanyang pangatlong pagbisita sa simbahang yaon at kinakailangan niyang pumunta upang harapin ang mga mahahalagang isyu. Kailangan din natin harapin ang mga maiinit na isyu na nasa simbahan ngayon at sa buhay ng mga indibidwal ng simbahan upang kamitin ang kapayapaan ng Diyos sa ating kalagitnaan. Ang lahat ng bagay ay kailangang itatag ng mg patotoo ng dalawa o tatlong magpapatotoo upang makasiguro sa anong naganap.

"2 Sinabi ko na nang una, at muling aking ipinagpapauna, gaya nang ako'y nahaharap ng ikalawa, gayon din ngayon, na ako'y wala sa harapan, sa mga nagkasala nang una, at sa mga iba pa, na kung ako'y pumariyang muli ay hindi ko na patatawarin;" (2 Corinto 13:2) Si Pablo ay nagbigay ng isang pagkakataon sa mga nagkasala upang magsisi. Siya ay nagpadala ng sulat sa kanila upang turuan sila tungkol sa kasalanan, mga epekto nito at kung paano malinis mula doon. Ngayon siya ay nagbabala sa kanila ng may huling babala na hindi niya hahayaan ang mga nagkakasala at hindi nagsisisi at na hindi pa namamalayan sa kakila-kilabot na mga epekto ng kanilang mga kasalanan. Kailangan nating gawin ang pareho, kapag may kasalanan kailangan nating harapin ito ng maayos.

Tayo bilang mga nagbabatay at mga babaeng nagbabantay kailangan nating gawin ang ating bahagi ng pagbabala ng mga tao upang ang kanilang dugo ay hindi mapunta sa ating ulo. "16 At nangyari, sa katapusan ng pitong araw, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 17 Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin. 18 Pagka aking sinabi sa masama, Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; at hindi mo pinagpaunahan siya, o nagsasalita ka man upang hikayatin ang masama mula sa kaniyang masamang lakad, upang iligtas ang kaniyang buhay; ang gayong masamang tao ay mamamatay sa kaniyang kasamaan; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay. 19 Gayon ma'y kung iyong pagpaunahan ang masama, at siya'y hindi humiwalay sa kaniyang kasamaan, o sa kaniyang masamang lakad man, siya'y mamamatay sa kaniyang kasamaan; nguni't iyong iniligtas ang iyong kaluluwa. 20 Muli, pagka ang isang taong matuwid ay lumilihis sa kaniyang katuwiran, at gumawa ng kasamaan, at ako'y naglalagay ng katitisuran sa harap niya, siya'y mamamatay; sapagka't hindi mo siya pinagpaunahan, siya'y mamamatay sa kaniyang kasalanan, at ang kaniyang mga matuwid na gawa na kaniyang ginawa ay hindi aalalahanin; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay." (Ezekiel 3:16-20)

"16 At nangyari, sa katapusan ng pitong araw, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 17 Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel:kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin." (Ezekiel 3:16-17) Kailangan nating ipaalam sa mga tao at babalaan sila ng kung anumang ating natanggap mula sa Panginoon. Si Ezekiel ay nagmiministerio sa mga tao linggo linggo. Kaya anuman ang kanyang natanggap mula sa Panginoon kailangan niyang ibigay ito sa mga tao linggo linggo.

"18 Pagka aking sinabi sa masama, Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; at hindi mo pinagpaunahan siya, o nagsasalita ka man upang hikayatin ang masama mula sa kaniyang masamang lakad, upang iligtas ang kaniyang buhay; ang gayong masamang tao ay mamamatay sa kaniyang kasamaan; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay. 19 Gayon ma'y kung iyong pagpaunahan ang masama, at siya'y hindi humiwalay sa kaniyang kasamaan, o sa kaniyang masamang lakad man, siya'y mamamatay sa

kaniyang kasamaan; nguni't iyong iniligtas ang iyong kaluluwa." (Ezekiel 3:18-19) Kailangan nating pumunta sa mga nasa kasalanan at salitain sa kanila ano ang kailangan nilang gawin. Kailangan nating gawin yaon ng agaran upang maiwasan ang pagdating ng galit ng Diyos sa atin, upang tayo ay maging malaya mula sa kanilang dugo.

Sa mga nabubuhay sa immoralidad, pagsasama sa relasyon, paghihiwalay at pag aasawang muli, pagkakaroon ng karelasyon kailangan nating gawin ang ating bahagi upang bigyan sila ng huling babala at sa huli paalisin ang mga ito sa publiko mula sa kongregasyon kung sila'y hindi tutugon.

"20 Muli, pagka ang isang taong matuwid ay lumilihis sa kaniyang katuwiran, at gumawa ng kasamaan, at ako'y naglalagay ng katitisuran sa harap niya, siya'y mamamatay; sapagka't hindi mo siya pinagpaunahan, siya'y mamamatay sa kaniyang kasalanan, at ang kaniyang mga matuwid na gawa na kaniyang ginawa ay hindi aalalahanin; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay." (Ezekiel 3:20) Ang matuwid kapag sinimulan nilang gumawa ng mali hindi aalalahanin ng Diyos ang lahat ng mabubuting bagay na kanilang ginawa, sa gayon kailangan nating babalaan sila ng kanilang nga kasalanan, upang ang kanilang dugo ay hindi mapunta sa ating mga ulo. Tayo ay ang mga tagabantay at mga babaeng tagabantay na hinirang ng Diyos sa kongregasyon at kailangan nating sumunod sa Diyos at sa Kanyang mga tagubilin. Sa mga ayaw sumunod at isuko ang kanilang immoralidad paaalisin natin sila at illalabas sila mula sa ating kalagitnaan.

"3 Yamang nagsisihanap kayo ng isang katunayan na si Cristo ay nagsasalita sa akin; na siya sa inyo'y hindi mahina, kundi sa inyo'y makapangyarihan:" (2 Corinto 13:3) Ang mga Corinto ay hinihiling mula kay Pablo ng isang pruweba na si Cristo ay nagsasalita sa pamamagitan niya. Ang kanyang sinasabi dito, ay upang harapin ang mga kasalanan at mga seryosong mga isyu sa buhay ng simbahan sa pamamagitan niya ay ang patunay na si Cristo ay nagsasalita sa pamamagitan niya. At sa bagay na ito patutunayan ni Cristo ang Kanyang sarili na matapang sa pagharap sa kanilang mga kasalanan. Ang mga tao ay nagnanais na makakita ng mga himala sa buhay ng simbahan upang maniwala na ang Diyos ay nasa simbahan, ngunit pagharap sa mga kasalanan at paglilinis ng Kanyang simbahan mula rito ang himala ng Diyos sa buhay ng Kanyang simbahan at yaon ang ibig niyang sabihin "kundi ay kapangyarihan sa inyo"

"4 Sapagka't siya'y ipinako sa krus dahil sa kahinaan, gayon ma'y nabubuhay siya dahil sa kapangyarihan ng Dios. Sapagka't kami naman ay sa kaniya'y mahihina, nguni't kami ay mabubuhay na kasama niya sa kapangyarihan ng Dios sa inyo." (2 Corinto 13:4) Ang pagpapako sa krus ni Cristo ay nagpapakita sa sanglibutan ng Kanyang kahinaan, ngunit ang Kanyang pagkabuhay ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Sinasabi ni Pablo sa kanila na tayo din ay kapareho, " Sapagka't kami naman ay sa kaniya'y mahihina, nguni't kami ay mabubuhay na kasama niya sa kapangyarihan ng Dios sa inyo."(2 Corinto 13:4) Si Pablo ay maaring nakikitang mahina sa panlabas na anyo sa mga taga Corinto ngunit siya ay napatunayang malakas at nabubuhay sa kapangyarihan ng Diyos kapag hinaharap niya ang mga kasalanan. Ang kapangyarihan ng ministerio ng Diyos ay hindi sa kanyang malaking katawan kundin sa kanyang kahandaan na hindi makipagkompromiso at sa kahandaan upang harapin ang kasalanan. Tayo din ay mapapatunayang malakas sa Kanya kapag kumilos tayong mga tagapagpaya at matagumpay at matapat sa pagharap sa mga makasalanan mga isyu sa buhay ng simbahan.

"5 Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Jesucristo ay nasa inyo? maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na." (2 Corinto 13:5) Hinahamon ni Pablo sila dito kung sila ay talagang na kay Cristo at sa tunay na pananampalataya, sa gayon dapat silang maging handa upang harapin ang nasa kasalanan sa kanila, at ipinaalala niya sa kanila na si Cristo ay kumikilos sa kanila ng Kanyang kapangyarihan sa paglantad ng mga kasalanan at binigyang daan si Pablo at sa mga natitirang tapat sa kanila na harapin. "Hindi baga ninyo nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Jesucristo ay nasa inyo? maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na."(2 Corinto 13:5) Sinasabi niya sa kanila na si Cristo ay nasa sa inyo, at ang katunayan niyaon ay ang pagkilos ng simbahan upang harapin ang mga kasalanan. Sinasabi rin niya sa kanila na inaasahan ni Cristo mula sayo ang isang dalisay na pananampalataya at ang iyong pakikipagkasundo upang tumayo kasama Niya sa pagharap ng kasalanan at yaon ay kung paano mo patutunayan ang tunay na pananampalataya, kung hindi ikaw ay itinakwil, peke at hindi tunay na tao ng Diyos.

"6 Nguni't inaasahan ko na inyong mangakikilala na kami ay hindi itinakuwil." (2 Corinto 13:6) Si Pablo ay nagtitiwala na ang kanyang gawa kay Cristo ay hindi sa walang kabuluhan, at yaon ang mga Corinto ay huli tatayo ng tapat kay Cristo at patutunayan ang kanilang tunay na pananampalataya kapag kanilang hinarap ang mga kasalanan sa kanila. Dapat tayo ay may pananampalataya sa Diyos at magtiwala sa Kanya na ang lahat ng ating pagpapagal ay magdadala ng bunga at yaon ang magbibigay daan sa atin upang harapin ng matagumpay ang mga makasalanang mga isyu sa loob ng simbahan at yaon ang Panginoon ay patutuyan na Siya ay nasa kalagitnaan natin sa paggawa ng mga himala sa paglantad ng mga kasalanan at pagbibigay daan sa atin upang harapin sila, at mapaglabanan ang kahirapan na ang kasalanan ay maaring nagpahirap sa atin at sa buhay ng Simbahan ng Diyos.

"6 Nguni't inaasahan ko na inyong mangakikilala na kami ay hindi itinakuwil." (2 Corinto 13:6) Si Pablo ay nagtitiwala sa Diyos na ipinapahag Niya sa simbahan na siya at ang kanyang ka manggagawa ay hindi itinakuwil o peke at ang kanyang kabigatan ay hindi lamang para sa mga taga Corinto na gawin kung ano ang tama at tumayo sa Diyos at upang maging malinis sa mga kasalanan. Sa parehong paraan, ako at aking ka manggagawa kami ay nagtitiwala sa Diyos na patotohanan Niya sa amin at patutunayan sa amin na maging isang tunay na bayan, ngunit ang aming kabigatan ngayon ay para sayo na gawin kung ano ang tama at matuwid na nakalulugod sa Diyos at gawing posible ang kapayapaan sa paglilinis ng kasalanan mula sa ating kalagitnaan.

"7 Ngayo'y idinadalangin namin sa Dios na kayo'y huwag magsigawa ng masama; hindi upang kami'y mangakitang subok, kundi upang gawin ninyo ang may karangalan, kahit kami'y maging gaya ng itinakuwil." (2 Corinto 13:7) Ipinapanalangin ni Pablo sila at sinasabi niya sa kanila ang tungkol dito na hindi nila gagawin ang masama sa pagkukunsinti at pagsangayon sa kasalanan, o sa pagpapabaya nito,

bagkus sila ay maging handa upang harapin ang kasalanan at nagkakasala nang alinsunod. Sinasabi ni Pablo sa kanila, "hindi upang kami'y mangakitang subok, ano ang ibig niyang sabihin dito ay hindi niya minimithi na ibigay ang kanyang kapangyarihan upang madisiplina sila kundi dapat nilang gawin ang tapat, habang sinabi niya sa kanila, "kundi upang gawin ninyo ang may karangalan," At hindi niya iniisip kung ano ang pagtingin nila sa kanya o isaalang alang siya, kahit na kung iniisip nila ang tungkol sa kanya na hindi tunay na tao na sinabi niya sa kanila, "kahit kami'y maging gaya ng itinakuwil." hanggat sila'y tapat at handang gawin kung ano ang tama. Ang pahayag na ito ay nagtuturo sa ating din mula sa buhay ni Apostol Pablo ng pagtanggi sa sarili, at kababaang loob, na marami sa atin ay hindi gaanong payag upang isuko. Sa gitna ng sitwasyon na ang Diyos ay hinarap ang kasalanan at paglilinis ng Kanyang simbahan, dito ay hindi mahalaga kung sino ang nagpapatunay ng tama o kung sino ang nanalo, ngunit ang pinakamahalaga ay si Cristo ay maluluwalhati sa ating kalagitnaan sa paglilinis palabas ng kasalanan mula sa ating kalagitnaan.

"8 Sapagka't kami'y walang anomang magagawang laban sa katotohanan, kundi ayon sa katotohanan." (2 Corinto 13:8) Hinihikayat ni Pablo silat sinisigurado sa kanila, na ano ang kanyang iniisip tungkol doon, na lahat sila ay ginagawa ang lahat ng bagay para sa katotohanan at hindi labag sa katotohanan. Kaya't narito ang isa pang pagpapahayag ng pagibig at kawanggawa at pag asa kapag nagiisip ka pa ng mabuti sa mga tila sumasalungat sa katotohanan, kundi nagtitiwala ka pa din na gagawin nila ang mga bagay upang suportahan ang katotohanan.

"9 Sapagka't kami'y natutuwa kung kami'y mahihina, at kayo'y malalakas: at ito naman ang idinadalangin namin, sa makatuwid baga'y ang inyong pagkasakdal." (2 Corinto 13:9) Si Apostol Pablo ay narito ulit na sinisigurado sa kanila ang kanyang mabuting kalooban at mabuting hangarin patungo sa kanila, sapagka't sinasabi niya sa kanila, na hindi niya iniisip na siya at kanyang kamanggagawa ay mahina, hangga't sila ay ang, Ang mga taga Corinto, malakas sumusulong patungo sa pagiging perpekto sa paggawa ng buong kalooban ng Diyos upang tumayong matatag at nakakasigurong mabuti sa pananampalataya at gawin ang mga bagay upang linisin ang mga kasalanan mula sa kanila.

"10 Dahil dito'y sinusulat ko ang mga bagay na ito samantalang ako'y wala sa harapan, upang kung nasa harapan ay huwag akong gumamit ng kabagsikan, ayon sa kapamahalaang ibinibigay sa akin ng Panginoon sa ikatitibay, at hindi sa ikagigiba." (2 Corinto 13:10) Narito si Pablo ay sinisugurado sa kanila, na kanyang ipinangako na haharapin ang kanilang mga kasalanan at ang mga isyu sa loob ng simbahan ng Corinto haharapin niya ito sa talas ng paggamit ng kapangyarihan na ibinigay ng Diyos sa kanya upang patibayan ang simbahan, at sa paraang ito maihahayag niya na ang disiplina at ang paglilinis ng simbahan mula sa mga kasalanan ay hindi isang magulong proseso kundi isang importanteng kailangan para sa simbahan, kahit sa kanilang mabuting halimbawa.

Sa aking mahal at minamahal: "11 Sa katapustapusan, mga kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaaliw kayo; mangagkaisa kayo ng pagiisip; mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Dios ng pagibig at ng kapayapaan ay sasa inyo." (2 Corinto 13:11) Dito si Pablo sa kanyang pagpapaalam sa kanila, ineendorso niya sa kanila ang mga sumusunod:

Mangagpakasakdal kayo: sa nauukol sa pananampalataya at ang mga bagay ng pananampalataya upang gawin ang katotohanan at tumayo sa Diyos laban sa kasalanan.

Mangaaliw kayo : Upang makasiguro na ang pagharap sa kasalanan at mabuhay sa kabanalan ay ating tungkulin upang dalhin ang kapayapaan ng Diyos muli sa ating kalagitanaan, na maghahatid ng kaginhawaan, at ganoong mga gawa ay mapapatunayan na si Cristo ay buhay sa ating kalagitnaan.

Mangagkaisa kayo ng pagiisip; Upang makipagkaisa kay Cristo at sa Kanyang Salita na may kinalaman sa pagmamalasakit ng Diyos upang linisin ang Kanyang simbahan mula sa mga kasalanan.

Mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Diyos ng pagibig at ng kapayapaan ay sasainyo. Upang mabuhay sa kapayapaan bilang tagapagpaya at upang hayaan ang kapayapaan ng Diyos na dumaloy sa ating kalagitnaan ay kapag tayo ay handa na disiplinahin ang ating sarili, na gawin ang mga bagay para sa katotohanan, upang maging perpekto sa mga bagay na may kinalaman sa pananampalataya at upang harapin ang kasalanan sa atin, at magkaisa sa iisang isip ang kaisipan ni Cristo.

"12 Mangagbatian ang isa't isa sa inyo ng banal na halik." (2 Corinto 13:12) Ang Banal na halik ay ang pagibig ng walang pagkukunwari at upang ibigin ang responsibilidad sa harapan ng Diyos at ilapat ang Kanyang Salita sa buhay ng Kanyang simbahan.

"13 Binabati kayo ng lahat ng mga banal." (2 Corinto 13:13) Lahat ng mga banal kasama ni Pablo ay hindi lamang ipinadala ang kanilang pagbati, bagkus sinangayonan ang tungkol sa anong kinakailangan upang matapos sa buhay ng simbahan ng mga Corinto at kahit sa buhay ng simbahan ngayon.

"14 Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat." (2 Corinto 13:14) Matatamasa natin ang Biyaya ng ating Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu: lahat ng ito'y magkakatotoo sa ating buhay at sa ating kalagitnaan ng ating simbahan kapag tayo handa at sumangayon upang harapin ang kasalanan sa ating kalagitanaan.

Ang aking panalangin:
Amang Diyos ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan ng ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong

salita na nagawang kong maunawaan ang iyong kalooban at mga paraan para sa akin upang maging tagapagpayapa at kung paano ihatid ang iyong kapayapaan sa kalagitnaan ng iyong simbahan.

Ating ipahayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan:

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran sa iyong pakikipagkompromiso, ang takot sa tao, pagkunsinti sa mga kasalanan, at walang kagustuhan upang disiplinahin ang iyong mga anak at ang iyong mga disipolo.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang sumunod sa iyong salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito bilang isang tunay na mapagpayapa. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na harapin ang mga kasalanan ng aking mga anak, ang aking mga disipolo at harapin ang mga nagkakasala sa loob ng simbahan.

Panginoon, ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na mga Lalaki at Babae na nagsisisi at handang mabuhay bilang mga tagapagpaya sa pagharap ng mga kasalanan sa iyong simbahan, at ilapat ang mga simulain na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon protektahan mo sila, at ibigay sa kanila ang kanilang mga pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanila at bigyang daan sila upang linisin ang iyong simbahan mula sa mga kasalanan. Panginoon bigyan mo sila ng kagalakan, kaaliwan, kasiguraduhan at kapayapaan. Panginoon bisitahin mo sioa, itaas mo sila, at pagtibayin sila ng iyong biyaya habang handa nilang harapin ang kasalanan at gawin ang iyong kalooban.

Panginoon, gumawa ka ng himala sa aming simbahan, linisin mo kami mula sa aming mga kasalanan at bigyang daan kami upang harapin ang mga hindi pa nagsisisi sa aming kalagitaan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, ibigay ang para sa amin upang makapagpatuloy kami sa paglilingkod sayo at gawin ang gawain at ang iyong kalooban. Panginoon dagdagan mo pa ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa kami na makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nananalangin na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.